Kahulugan ng Pagsang-ayon na Pahintulot

Ang pagsang-ayon na pahintulot (affirmative consent) ay ang nakababatid, kusang-loob, at parehong desisyon ng lahat ng taong sangkot upang gumawa ng sekswal na aktibidad. Ang pahintulot ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng mga salita o aksyon, basta't ang mga salita o aksyon na iyon ay lumilikha ng malinaw na permiso kaugnay sa kagustuhan na gawin ang sekswal na aktibidad. Ang pananahimik o kawalan ng pagtutol, kung ito lang ang batayan, ay hindi nagpapakita ng pahintulot. Ang kahulugan ng pahintulot ay hindi nag-iiba batay sa kasarian, sekswal na oryentasyon, kinikilalang kasarian, o pagpapahayag ng kasarian ng taong sangkot.

Ang pahintulot sa anumang sekswal na gawain o naunang sekswal na gawaing sinang-ayunan ng magkabilang panig o ng alinmang partido ay hindi nangangahulugang bumubuo ng pahintulot sa anumang iba pang sekswal na gawain.

Kailangan ang pahintulot nasa impluwensiya man ng droga at/o alak o hindi ang taong nagpapasimula ng gawain.

Ang pahintulot ay maaaring ibigay sa simula ngunit bawiin sa ibang sandali.

Ang pahintulot ay hindi maibibigay kapag ang isang tao ay walang kakayahan, na nangyayari kapag walang kakayahan ang isang tao na kusang piliing sumali sa sekswal na gawain. Ang kawalan ng kakayahan ay maaaring dulot ng kawalan ng malay o pagtulog, pinipigilan nang labag sa kanyang kalooban, o kung hindi naman ay hindi makapagbigay ng pahintulot ang isang indibidwal. Depende sa tindi ng kalasingan, ang isang taong nasa impluwensiya ng alak, droga, o mga iba pang nakalalasing ay maaaring mawalan ng kakayahan at samakatuwid ay hindi makapagbibigay ng pahintulot.

Ang pahintulot ay hindi maibibigay kapag ito ay resulta ng anumang pamimilit, pananakot, pamumuwersa, o pagbabanta ng pinsala.

Kapag binawi ang pahintulot o hindi na ito maibibigay, dapat huminto ang sekswal na gawain.

Kapatawaran sa mga Demanda sa Kilos kaugnay sa Paggamit ng Droga at Alak

Ang kalusugan at kaligtasan ng bawat estudyante sa Rockland Community College ay pinakamahalaga. Tinatanggap ng RCC na ang mga estudyanteng umiinom ng alak at/o gumagamit ng mga droga (ito man ay boluntaryo o hindi boluntaryo) sa oras na nangyayari ang karahasan, kabilang ngunit hindi limitado sa karahasan sa tahanan, karahasan habang nakikipagtipan, palihim na pagsunod-sunod, o sekswal na pananalakay ay maaaring nag-aatubiling ireport ang ganoong mga insidente dahil sa takot sa posibleng kahihinatnan ng kanilang sariling kilos. Mariing hinihikayat ng RCC ang mga estudyante na ireport ang karahasan sa tahanan, karahasan habang nakikipagtipan, palihim na pagsunod-sunod, o sekswal na pananalakay sa mga opisyal ng institusyon. Ang isang taong nakakita sa gawain na kumikilos nang may mabuting hangarin o ang isang indibidwal na nagrereport nang may mabuting hangarin na magsisiwalat ng anumang insidente ng karahasan sa tahanan, karahasan habang nakikipagtipan, palihim na pagsunod-sunod, o sekswal na pananalakay sa mga opisyal ng RCC o mga tagapagpatupad ng batas ay hindi mapapasailalim sa aksyon kaugnay sa alituntunin sa pag-uugali ng RCC's para sa mga paglabag sa mga patakaran sa paggamit ng alak at/o droga na nangyayari sa o malapit sa oras ng pagsasagawa ng karahasan sa tahanan, karahasan habang nakikipagtipan, palihim na pagsunod-sunod, o sekswal na pananalakay.

Kalipunan ng Mga Karapatan ng Estudyante

Lahat ng estudyante ay may karapatan na:

Magreport sa isang lokal na tagapagpatupad ng batas at/o pulisya ng estado;

Mabigyan ng importansya ang mga pagsisiwalat nila ng karahasan sa tahanan, karahasan habang nakikipagtipan, palihim na pagsunod-sunod, at sekswal na pananalakay;

Gumawa ng desisyon kung isisiwalat o hindi ang isang krimen o paglabag at makibahagi sa proseso ng korte o proseso ng pag-iimbestiga sa kilos at/o proseso ng katarungang pangkrimen na malaya sa impluwensiya ng institusyon;

Makibahagi sa isang proseso na patas, walang pinapanigan, at nagbibigay ng sapat na abiso at makabuluhang pagkakataon upang marinig;

Matrato nang may dignidad at tumanggap mula sa institusyon ng magalang, patas, at marespetong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at pagpapayo, kung saan may makukuha;

Maging malaya sa anumang mga suhestiyon na ang nagrereport na indibidwal ang may pagkakamali kapag ginagawa ang mga krimen at paglabag na ito, o dapat ay kumilos sa ibang paraan upang naiwasan sana ang ganoong mga krimen o paglabag;

Ilarawan ang insidente sa iilan lang na mga kinatawan ng institusyon hangga't maaari at hindi maobligang ulit-ulitin nang walang saysay ang paglalarawan sa insidente.

Maprotektahan mula sa pagganti ng institusyon, ng sinumang estudyante, ng akusado at/o ng respondente, at/o ng kanilang mga kaibigan, kapamilya at kakilala sa loob ng hurisdiksiyon ng institusyon;

Access sa hindi bababa sa isang antas ng apela para sa pagpapasiya;

Masamahan ng isang piniling tagapayo na maaaring tumulong at magpayo sa isang nagrereport na indibidwal, akusado, respondente sa kabuuan ng proseso ng korte o proseso ng pag-iimbestiga sa kilos kabilang ang sa lahat ng pagpupulong at pagdinig na nauugnay sa ganoong proseso;

Gamitin ang mga karapatang sibil at pagsasagawa ng relihiyon nang walang pakikialam ng proseso ng institusyon sa imbestigasyon, katarungang pangkrimen, o proseso ng korte o prosesong pag-iimbestiga sa kilos.

Umiiral ang mga karapatan nang hindi nakabatay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, relihiyon, paniniwala, edad, kapansanan, kasarian, kinikilalang kasarian o pagpapahayag ng kasarian, sekswal na oryentasyon, katayuang pampamilya, pagbubuntis, mga katangiang genetic na dahilan ng kadaliang madapuan ng sakit, katayuan sa militar, katayuan bilang biktima ng karahasan sa tahanan, o pagkakahatol sa isang krimen at hindi nakabatay sa kung nangyari ang krimen o paglabag sa loob ng campus, labas ng campus, o habang nag-aaral sa ibang bansa.

May karapatan kang magreport sa Pulisya ng Unibersidad o Seguridad ng Campus, lokal na tagapagpatupad ng batas, at/o Pulisya ng Estado o piliing huwag mag-report; ireport ang insidente sa

iyong institusyon; protektahan ng institusyon mula sa pagganti dahil sa pagrereport ng isang insidente; at tumanggap ng tulong at pamamaraan mula sa iyong institusyon.